Disability Rights California

Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

Papel ng Katotohanan sa Diskriminasyon Mga Kaluwagan sa Pagsusulit at Paglilisensya

Septyembre 2019, Lat. #7145.08

Ipinagbabawal ng Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan at ang ibang pang-estado at pederal na mga batas ang diskriminasyon batay sa kapansanan ng anumang pribado, pang-estado, o lokal na entidad ng pamahalaan na nag-aalok ng mga pagsusulit kaugnay sa mga aplikasyon, paglilisensya, o propesyunal na sertipikasyon. Nangangahulugan ito na ang mga entidad na nag-aalok ng naturang mga pagsusulit ay dapat tiyakin ang pantay na akses sa mga taong may mga kapansanan at magbigay ng naaangkop na mga kaluwagan sa pagsusulit. Ang mga kinakailangan ay naaangkop sa pang-akademiyang mga pagsusulit upang makapasok tulad ng SAT, MCAT, o GRE, pati na rin ang mga pagsusulit sa paglilisensya ng mga propesyunal tulad ng Pagsusulit na Bar ng California.

Kabilang sa mga kaluwagan sa pagsusulit ang parehong pisikal na mga pagbabago sa kapaligiran ng pagsusulit, pati na rin ang mga pantulong at mga serbisyo tulad ng Braille o mga libro sa pagsusulit na may malalaking limbag, software sa pagbabasa sa screen, o mga tagasaling-wika ng ASL. Kabilang sa ibang mga halimbawa ng mga kaluwagan sa pagsusulit ang dagdag na oras para sa pagsusulit, akses sa pagkain o gamot sa panahon ng pagsusulit, o mga silid ng pagsusulit na malaya sa pagkagambala. Ang layunin ay upang tiyakin na ang taong may kapansanan ay may pagkakataong ipakita ang kanilang tunay na katalinuhan o lebel ng pagkamit sa pagsusulit, sa halip na ang kanilang kapansanan. Gayunpaman, ang mga tagapagbigay ng pagsusulit ay hindi kinakailangang mag-apruba ng mga kaluwagan na pangunahing magbabago ng uri ng pagsusulit o tutulong sa kasanayan kung saan ang pagsusulit ay idinisenyo na sukatin.

Makikita mo ang higit pang impormasyon tungkol sa mga kaluwagan sa pagsusulit dito:

Website ng Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos :

- Papel ng katotohanan sa Pagsusulit at Paglilisensya: https://www.ada.gov/regs2014/testing_accommodations.html
- Impormasyon tungkol sa mga Karapatan ng mga Taong May HIV/AIDS upang kumuha ng Pagsasanay at Paglilisensya sa Estado kaugnay sa trabaho: https://www.ada.gov/qahivaids_license.pdf

Ang website ng Network ng mga Kaluwagan sa Trabaho:

- Impormasyon tungkol sa magagamit na mga kaluwagan: https://askjan.org/topics/test.cfm

Pagkuha ng mga Kaluwagan sa Pagsusulit at Paglilisensya

Ito ang mga hakbang na gagawin upang makakuha ng mga kaluwagan sa pagsusulit o pagsusulit o aplikasyon sa paglilisensya:

1. Sumulat ng kahilingan para sa mga kaluwagan. Dapat ipaliwanag sa iyong kahilingan ang sumusunod:
    - na ikaw ay isang taong may kapansanan (hindi mo kailangang ibunyag ang uri ng iyong kapansanan);
    - ang mga paraan kung paano naaapektuhan ng iyong kapansanan ang iyong kakayahan sa pagganap sa pagsusulit;
    - ang tiyak na mga kaluwagan sa pagsusulit (mga pagbabago / pantulong at serbisyo) na iyong kailangan; at
    - ang petsa kung kailan mo inaasahan ang sagot.
2. Kumuha ng dokumentasyon upang suportahan ang iyong pangangailangan para sa mga kaluwagan. Ang dokumentasyon ay maaaring:
    - mga dokumentong nagpapakita na ikaw ay may kasaysayan ng mga kaluwagan sa parehong mga sitwasyon sa pagsusulit; o

- sulat ng suporta mula sa iyong doktor o ibang gumagamot na propesyunal. Dapat ipinapaliwanag ng sulat na ito kung bakit mo kailangan ang hinihiling na kaluwagan / pagbabago dahil sa iyong kapansanan.

3. Ipadala ang iyong nakasulat na kahilingan at sumusuportang mga dokumento sa tagapagbigay ng pagsusulit.

Ang halimbawang sulat na humihiling ng makatuwirang mga kaluwagan / pagbabago at ang halimbawang sulat ng suporta ay nasa dulo ng papel ng katotohanan na ito. Maaari ka ring gumamit ng mga pormularyo na ibinigay ng ahensiya ng pagsusulit o paglilisensya.

Ang mga ahensiya sa pagsusulit at paglilisensiya ay dapat tumugon sa mga kahilingan para sa mga kaluwagan sa napapanahong paraan. Maaari silang humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong pangangailangan para sa mga kaluwagan, ngunit ang naturang mga kahilingan ay dapat makatuwiran at limitado sa pangangailangan para sa hinihiling na mga kaluwagan sa pagsusulit. Kung humiling ang ahensiya ng pagsusulit o paglilisensya sa iyo na magbigay ng karagdagang impormasyon kaysa sa kinakailangan upang matukoy ang pangangailangan para sa hinihiling na kaluwagan, hindi mo kailangang ibigay ang impormasyong iyon.

Mga Administratibong Pagdaing

Mga Pampublikong Entidad:

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina ng estado o entidad ng lokal na pamahalaan, maaari kang magsampa ng administratibong pagdaing sa Kagawaran ng Katarungan (DOJ, Department of Justice) ng Estados Unidos sa ilalim ng pederal na batas, o sa Kagawaran ng Makatarungang Trabaho at Pabahay (DFEH) sa ilalim ng pang-estadong batas. Ang mga pagdaing ay dapat maisampa sa DOJ sa loob ng 180 araw ng kilos ng diskriminasyon. Ang mga pagdaing ay dapat maisampa sa DFEH sa loob ng isang taon ng kilos ng diskriminasyon. Ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa DOJ at DFEH ay nasa ibaba.

Mga Pribadong Entidad:

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskrimina ng pribadong kumpanya ng pagsusulit, maaari kang magsampa ng administratibong pagdaing sa DOJ

sa ilalim ng Titulo III ng Batas sa mga Amerikanong May mga Kapansanan (ADA), o sa DFEH sa ilalim ng pang-estadong batas. Ang mga pagdaing sa DFEH ay dapat isampa sa loob ng isang taon ng kilos ng diskriminasyon. Maaari mong i-apela ang pasya ng DFEH sa Patnugot ng DFEH sa loob ng 10 araw ng pasya. Tingnan ang 2 Kodigo ng mga Regulasyon ng California (C.C.R.) Seksyon 10033.

Ang mga pagdaing sa Titulo III ay maaaring isampa sa DOJ anumang oras. Gayunpaman, pinakamainam na magsampa sa lalong madaling panahon dahil mas mahirap patunayan ang diskriminasyon sa paglipas ng panahon. Ang impormasyon ng pakikipag-ugnayan para sa DOJ at DFEH ay nasa ibaba.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa DOJ at DFEH:

Mga Pagdaing sa DOJ:
U.S. Department of Justice
Civil Rights Division
950 Pennsylvania Avenue, N.W.
Disability Rights Section – 1425 NYAV
Washington, D.C. 20530

Pagsampa Online: **https://www.ada.gov/filing_complaint.htm**

Telepono: (800) 514-0301
Teletype o TTY: (800) 514-0383

Mga Pagdaing sa DFEH:

Pagsampa Online: **https://www.dfeh.ca.gov/filing-a-complaint-online/**

Telepono: (800) 884-1684
Teletype o TTY: (800) 700-2320
Koreo: Tumawag sa (800) 884-1684 at humingi ng naaangkop na pormularyo ng pagdaing upang i-print at ibalik. Mangyaring magbigay ng karagdagang panahon para sa pagkoreo at pagproseso.

Paglilitis

Ang mga paglabag sa mga batas na tinalakay sa itaas ay maaari ring ipatupad sa pamamagitan ng mga pribadong kaso. Mangyaring malaman na hinihigpitan ng mga kautusan sa mga limitasyon ang takdang panahon para sa pagsampa ng kaso, at maaari kang mawalan ng mga paghahabol

kung hindi ka kikilos sa loob ng naaangkop na kautusan sa mga limitasyon. Ang mga huling araw na ito ay maaaring kasing-ikli ng dalawang taon mula sa petsa ng diskriminasyon.

Kung ikaw ay naghahangad ng mas mababa sa $10,000 na halaga ng danyos, ang isa pang opsyon ay magsampa ng kaso ng diskriminasyon sa Korte ng Maliliit na mga Paghahabol. Ang mga kautusan sa mga limitasyon na itinalakay sa itaas ay naaangkop. Hindi ka maaaring gumamit ng abogado kung ikaw ay pupunta sa korte ng maliliit na mga paghahabol. Narito ang link sa isang paglalathala ng Disability Rights California na nagpapaliwanag sa proseso ng paggamit ng Maliliit na mga Paghahabol para sa mga kaso ng diskriminasyon: **https://www.disabilityrightsca.org/publications/a-guide-to-small-claims-court-how-to-sue-if-a-business-or-landlord-discriminates**

Dagdag pa, inaatas ng Batas sa mga Paghahabol ng mga Maling Gawain ng Pamahalaan na ang paghahabol sa maling gawain ng pamahalaan ay isampa sa loob ng anim na buwan ng insidente sa diskriminasyon bago dalhin ang kaso para sa halaga ng danyos laban sa isang estado o lokal na entidad ng pamahalaan. Higit pang impormasyon tungkol sa mga paghahabol ng maling gawain ng pamahalaan **https://www.disabilityrightsca.org/publications/tort-claims-filing-claims-against-public-entities-under-the-california-tort-claims-act**. Mangyaring tandaan na ang website ay magli-link sa pormularyo para sa mga paghahabol laban sa estado o ahensiya o empleyado ng estado, na maaaring hindi naaangkop sa iyong kaso. Ang ibang mga pampublikong entidad ay maaaring may mga sariling pormularyo ng mga paghahabol ng maling gawain na makukuha sa kanilang website. Kung interesado ka na ituloy ang kaso, dapat kang kumonsulta sa isang abogado sa lalong madaling panahon.

Halimbawang Sulat upang Humiling ng mga Kaluwagan

[Petsa]

Minamahal na [Kumpanya ng Pagsusulit/Entidad ng Paglilisensya]:

Sumusulat ako upang humiling ng [mga kaluwagan] para sa aking [kapansanan/mga kapansanan].

Plano kong kumuha ng [pagsusulit/pangalan ng pagsusulit] sa [petsa ng pagsusulit]. Dahil sa aking kapansanan, kailangan ko ang sumusunod: [listahan ng mga kaluwagan].

Ang aking doktor / saykayatrista / sikologo / terapruta / manggagawang panlipunan / occupational therapist / ibang indibidwal [ilarawan] ay itinuring ang mga kaluwagang ito na kinakailangan dahil sa aking kapansanan. Mangyaring tingnan ang nakalakip na [sulat mula sa pangalan ng doktor o propesyunal/dokumentasyon ng mga kaluwagan sa pagsusulit].

Inaatas ng pederal at pang-estadong batas na magbigay ng mga kaluwagan ang mga entidad ng pagsusulit o paglilisensiya sa mga taong may mga kapansanan upang ang pagsusulit ay wastong magpakita ng mga kasanayan o kakayahan ng indibiduwal. Mangyaring tumugon sa kahilingang ito bago ang [petsa]. Huwag mag-atubiling makipag-uganayan sa akin sa [iyong numero ng telepono at/o e-mail address] kung mayroon kang anumang katanungan. Salamat.

Taos-puso,

[Iyong pangalan]
[Iyong address]

Halimbawang Sulat ng Suporta

[Petsa]

Minamahal na [Kumpanya ng Pagsusulit/Entidad ng Paglilisensiya]:

Ako ang doktor / saykayatrista / sikologo / terapruta / manggagawang panlipunan / occupational therapist] para kay [Iyong pangalan], at pamilyar ako sa kanyang kondisyon. Siya ay may kapansanan na nagdudulot ng ilang limitasyon sa paggana. Kabilang sa mga limitasyong ito ang [ilista ang mga limitasyon sa paggana na nangangailangan ng hinihiling na kaluwagan].

[Ang hinihiling na kaluwagan] ay kinakailangan para sa pagganap ni [Pangalan] sa [Pagsusulit] upang wastong ipakita ang katalinuhan at mga kasanayan ni [Pangalan]. [Ilarawan kung paano makatutulong o susuporta ang mga kaluwagan sa indibiduwal].

Salamat sa pagbigay ng [kaluwagang] ito para kay [Pangalan].

Taos-puso,

[Pangalan at Posisyon]

Huling Binago: Setyember 9, 2019

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung kamusta kami. [Sagutan ang Survey]

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang pormularyo ng kahilingan para sa tulong. Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.